PLACE OF GRACE

# Pangatlong Pagpapakita, Tatlong Beses na Pagpapanumbalik

WEEK 2

## WARM-UP

- Magkwento tungkol sa isang kakayahan na alam mong magaling ka. Paano nabuo ang lakas ng loob mo sa bagay na ito?
- Kapag nakatanggap ka ng balitang hindi kapani-paniwala, sinasarili mo lang ba ito o sabik kang ibahagi ang balita sa iba? Magkwento ng isang pagkakataon na nagpapaliwanag nito.
- Nakagamit ka na ba ng isang bagay nang hindi nalalaman kung para saan talaga ito? Ano ang nangyari?

## WORD

[1]*Kinaumagahan ng Linggo, habang madilim pa,
pumunta si Maria na taga-Magdala sa libingan. Nakita
niyang naalis na ang batong nakatakip sa pintuan
nito.* [2]*Kaya tumakbo siya at pumunta kay Simon Pedro
at sa tagasunod na mahal ni Jesus. Pagdating niya sa
kinaroroonan nila, sinabi niya sa kanila, "Kinuha nila sa
libingan ang Panginoon at hindi namin alam kung saan
dinala."* **JUAN 20:1–2**

Nang binisita ni Maria Magdalena ang libingan ni Jesus pagkatapos ng pagkapako Niya sa krus, nadiskumbre niya na iginulong ang batong ipinantakip at walang laman ang libingan. Ito ang hudyat ng tagumpay ni Cristo laban sa kamatayan na habangbuhay na bumago sa daloy ng kasaysayan. Bilang mga mananampalataya, hindi lamang tayo mga simpleng tagapagmasid sa katotohanang ito kundi may kaugnayan tayo sa kahulugan nito. Dahil sa pagkabuhay ni Cristo, mayroon tayong katiyakan at lakas ng loob sa pagkapanalo Niya laban sa kasalanan at kamatayan. Ang libingan na walang laman ay nagsisilbing lugar para sa biyaya, pag-asa, at pagtubos, na nagpapaalala sa atin na maaari tayong mamuhay nang may layunin dahil alam natin na ang ating mga buhay ay nakaangkla sa Kanyang tagumpay at sa ipinangako Niyang buhay na walang hanggan. Ngayon ay bubuksan natin ang pangako ng pagpapanumbalik na mayroon tayo dahil sa muling pagkabuhay ni Cristo na nagpapahintulot sa ating ihayag ang muli Niyang pagkabuhay tulad ng ginawa ni Maria.

## 1 Tinitiyak ng muling pagkabuhay ni Cristo ang ating panunumbalik mula sa kasalanan at kabiguan.

*[12]Sinabi ni Jesus sa kanila, "Mag-almusal na kayo." Wala ni isa sa mga tagasunod ni Jesus ang nangahas magtanong kung sino siya dahil alam nila na siya ang Panginoon. [13]Kumuha si Jesus ng tinapay at ibinigay sa kanila. Ganoon din ang ginawa niya sa isda. [14]Ito na ang ikatlong pagpapakita ni Jesus sa mga tagasunod niya pagkatapos niyang mabuhay muli.* **JUAN 21:12–14**

Nang makasama ni Jesus ang Kanyang mga disipulo pagkatapos Niyang mabuhay muli, ipinahiwatig Niya ang kanilang pagbabalik-loob pagkatapos nilang Siyang biguin sa oras ng Kanyang pagdurusa at pagkapako sa krus. Ibinalik ni Jesus lalo na si Pedro pagkatapos nitong itanggi si Cristo. Habang kumakain sila kasama si Jesus, na sumasagisag sa ugnayang mayroon sila, nagkaroon sila ng katiyakan na naibalik sila sa tamang ugnayan sa Diyos. Tulad ng mga disipulo, tayo rin ay nakatanggap ng biyaya at panunumbalik kay Cristo. Ang kamatayan ni Jesus ay nagbigay sa atin ng buhay at habangbuhay tayong binago. Paano nabago ng muling pagkabuhay ni Cristo ang buhay mo mula sa kasalanan at kabiguan tungo sa buhay at katagumpayan?

## 2 Tinitiyak ng muling pagkabuhay ni Cristo ang panunumbalik ng ating layunin.

*Sa ikatlong ulit ay sinabi ni Jesus, "Simon na anak ni Juan, mahal mo ba talaga ako?" Nasaktan si Pedro dahil tatlong beses na siyang tinanong kung mahal niya si Jesus. Kaya sumagot siya, "Panginoon, alam n'yo po ang lahat ng bagay. Alam n'yo rin po na mahal ko kayo." Sinabi sa kanya ni Jesus, "Alagaan mo ang aking mga tupa."* **JUAN 21:17**

Ibinalik ni Jesus si Pedro kahit pa itinanggi Siya nito ng tatlong beses. Hindi lamang ni Jesus pinagtibay muli ang pag-ibig at pangako ni Pedro kundi inatasan din Niya ito na tuparin ang layunin ng Diyos sa kanyang buhay—ang alagaan at arugain ang Kanyang mga mamamayan. Ang utos na ito ay hindi lamang para kay Pedro kundi para rin sa iba pang mananampalataya.

Ang Kanyang biyaya ang nagbibigay sa atin ng kakayahan upang tuparin ang Kanyang misyon at makilahok sa Kanyang gawain sa pamamagitan ng pagbabahagi sa iba ng ginawa ni Jesus sa krus. Paano mo nakita ang muling pagpapatibay ng Diyos sa Kanyang tawag at layunin sa iyong buhay sa mga panahong nahihirapan ka?

## 3 Tinitiyak ng muling pagkabuhay ni Cristo ang ating buong panunumbalik.

*[3–4]Purihin natin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Dahil sa dakila niyang awa sa atin, ipinanganak tayong muli sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo. Ito ang nagbibigay sa atin ng malaking pag-asa na may nakahandang mana ang Diyos para sa atin. Ang manang ito'y nasa langit, walang kapintasan, hindi nasisira, at hindi kumukupas. [5]At sa pamamagitan ng pananampalataya n'yo, iniingatan kayo ng kapangyarihan ng Diyos habang naghihintay kayo ng kaligtasang nakalaang ihayag sa huling panahon.* **1 PEDRO 1:3–5**

Kay Cristo, naranasan ni Pedro ang pagbabago mula sa pagiging matatakuting nagtanggi sa Kanya, tungo sa kung paano siya nakilala sa sinaunang iglesia—isang matapang na apostol ng pag-asa. Tulad nito, tinitiyak sa atin ng muling pagkabuhay ni Cristo hindi lamang ang matagumpay na buhay dito sa lupa at buhay na walang hanggan kundi pati na rin ang buong pagbabalik-loob ng sangkatauhan sa orihinal nitong disenyo. Nabigyan tayo ng kakayahang tumanggap ng biyaya ng Diyos, na nagbibigay sa atin ng katiyakan na ganap tayong naibabalik sa Kanya, ipinapangako ang ating kinabukasan at walang hanggan, at sinisiguro ang ating pagkakaluwalhati bilang mga tagapagmana ng kaharian ng Diyos. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng pagiging tagapagmana ng kaharian ng Diyos?

## APPLICATION

- Sa anong bahagi ng iyong buhay ka nagtitiwala na ang biyaya ng Diyos ay magdadala ng pagpapanumbalik sa buhay mo? Isulat ang mga ito at mangakong ipapanalangin sila para maranasan mo ang tagumpay.
- May katiyakan ang ating kinabukasan tulad ng ipinangako sa 1 Pedro 1:5. Paano nito naapektuhan ang pang araw-araw mong pamumuhay?
- Anu-ano ang mga partikular na bagay na magagawa mo ngayong linggo upang tuparin ang isang bagay na alam mong ipinapagawa sa iyo ng Diyos? Ano ang maaari mong gawin upang pangalagaan at arugain ang Kanyang mga mamamayan?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa katiyakan ng panunumbalik mula sa kasalanan at pagkabigo na natanggap natin dahil sa pagkabuhay muli ni Jesus. Mayroon tayong tagumpay laban sa kasalanan at kamatayan dahil sa Kanyang sakripisyo. Ipanalangin ang pagiging matiyaga sa paglapit sa Kanya para sa pagpapanumbalik at pagbabago dahil sa kaalamang ito.
- Humiling sa Diyos ng gabay at karunungan habang hinahangad mo na tuparin ang Kanyang layunin sa iyong buhay. Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos ang mga kailangan mong gawin upang sumunod sa Kanyang kalooban at bigyan ka ng lakas na mamuhay nang may pananampalataya at lakas ng loob.
- Ipanalangin ang isang taong kakilala mo na nahihirapang kumapit sa pag-asa sa gitna ng mahihirap na pangyayari. Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng pagkakataon ngayong linggo para maibahagi sa kanya ang pag-asa na mayroon tayo sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Cristo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Mona Pondales

victory.org.ph